

“Iniligtas tayo ng DIYOS... sang-ayon sa kanyang layunin at KAGANDAHANG-LOOB. Ito ay isang pinagtibay na kasunduan.”

I Am...
God’s child by grace alone - Tagalog
Copyright © 2020 - WELS - BWM
Tract 2 of 6-MLP Cat No 385527

Multi-Language Productions
Bringing the Word to the World
wels.net/mlp

# Ako ay





## ANAK NG DIYOS SA PAMAMAGITAN NG KANYANG KAGANDAHANG-LOOB LAMANG

# Ako ay anak ng Diyos sa pamamagitan ng kanyang kagandahang-loob lamang

Bilang isang Luterano, ang aking pananampalataya ay maibubuod sa tatlong parirala: pananampalataya lamang, kagandahang-loob ng Diyos lamang, at Salita ng Diyos o Biblia lamang. Ngunit ano ang ibig kong sabihin na ako ay anak ng Diyos sa pamamagitan ng kagandahang-loob ng Diyos lamang?

Ang kagandahang-loob ng Diyos ay ang kanyang mahabaging pag-ibig sa mga makasalanan. Sinabi ni Pablo sa isa sa kanyang liham kay Timoteo: "Umasa ka sa kapangyarihan ng Diyos na nagligtas at tumawag sa atin para sa isang banal na gawain. Ginawa niya ito, hindi dahil sa anumang nagawa natin, kundi ayon sa kanyang layunin at kagandahang-loob. Sa simula pa, ito ay ibinigay na niya sa atin sa pamamagitan ni Cristo Jesus" (2 Timoteo 1:9). Ang isang talatang ito ay naghahayag ng maraming bagay tungkol sa kagandahang-loob ng Diyos. Sinasabi sa atin nito:

- Ang kagandahang-loob ng Diyos ang dahilan kung bakit tayo ay ligtas mula sa walang hanggang kamatayan. Isinulat ni Pablo na iniligtas tayo ng Diyos ayon sa kanyang sariling layunin at kagandahang-loob.

- Hindi tayo nararapat sa kagandahang-loob ng Diyos. Sa pagsasabi ni Pablo na iniligtas tayo ng Diyos, sinasabi niya na tayo ay nagkasala. Ang mga makasalanan ay nangangailangan ng kaligtasan. Malinaw na sinasabi ng Biblia kung ano ang nauukol sa mga makasalanan: "Sapagkat kamatayan ang kabayaran ng kasalanan" (Roma 6:23). Sa kabila nito pinili ng Diyos na huwag parusahan nang walang hanggang kamatayan ang lahat ng tao. Sa halip, pinili ng Diyos na pagkalooban tayo ng kagandahang-loob.

- Ang kagandahang-loob ng Diyos ay hindi natin natatamo sa pamamagitan pagsisikap. Isipin mo ang magiging kalagayan natin kung kailangan nating pagsikapang matamo ang kagandahang-loob ng Diyos. Mangangahulugan ito na sa bawat gabi na tayo ay matutulog, kailangan nating pag-isipan: sapat ba ang aking nagawang kabutihan? Hindi natin kailanman matitiyak na ganap tayong mabuti! Ngunit sinasabi sa atin ni Pablo na ang pag-ibig ng Diyos para sa mga tao ay walang kinalaman sa anumang ginawa natin. Hindi tayo iniligtas ng Diyos dahil sa kung ano ang mayroon sa atin. Iniligtas niya tayo dahil sa kung ano ang mayroon siya, kagandahang-loob.


- Ang kagandahang-loob ng Diyos ay makikita kay Jesus. Isinugo ng Diyos ang kanyang bugtong na Anak upang mamatay para sa mga naghimagsik sa kanya. Inako ni Jesus ang kaparusahang nauukol sa atin.

- Ang kagandahang-loob ng Diyos ay lubos. Hindi sinabi ni Pablo, inililigtas niya tayo, na para bang ito ay isang patuloy na proseso. Hindi rin niya sinabi, ililigtas tayo ng Diyos, na para bang mayroon pang kailangang gawin. Sinabi niya, iniligtas tayo ng Diyos, ibig sabihin, ito ay tapos na, wala nang kailangan pang gawin. Sinabi ni Jesus noong siya ay nakapako sa krus: "Naganap na." Ang kanyang salita ay totoo. Ang kaligtasan ay sa pamamagitan ng kagandahang-loob lamang.

- Ang kagandahang-loob ng Diyos ay walang hanggan. Isipin mo. Bago ang simula ng panahon, ipinasiya na ng Diyos na isugo si Jesus upang iligtas ang mga makasalanan. Ang kanyang pag-ibig sa atin ay naririyan na bago pa man magsimula ang panahon!

- Ang kagandahang-loob ng Diyos lamang ang tugon sa pinakamalaking tanong ng buhay: Paano ako maliligtas mula sa walang hanggang sakuna? Upang tugunin ang katanungang iyan, hindi ang sarili ko, ang buhay ko, o maging ang pananampalataya ko ang aking titingnan. Sa halip, ang aking mapagmahal na Diyos ang aking titingnan, siya na sa akin, sa iyo, at sa lahat ng tao ay laging umiibig. Walang ibang dahilan kung bakit niya tayo iniibig liban sa ipinasiya niya na tayo ay ibigin.





## Ang kagandahang-loob ng Diyos ay makikita kay Jesus.